

Pagsasa-Filipino ng Teolohiya sa Unibersidad at Seminaryo: Bahaginan ng Karanasan at Preliminaryong Pagbuo ng Repository ukol sa Halaga, Hamon, at mga Taktikang Pedagohikal sa Pagtuturo sa Wikang Filipino¹

Mark Joseph Pascua Santos

De La Salle University / Philippine Women's University
pascuasantos77@gmail.com

Abstract

It has been five decades since the beginning of Filipino Theology in the 1970s, yet the development of its Filipinization has been lagging compared with its counterparts such as Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino, and Pilosopiyang Pilipino. There is still no single monolingual theological journal in Filipino, nor a national theological organization that consciously advocates for the Filipino language, and there remains a wide gap between the production of theological books in English and Filipino. One way to advance the advocacy of Filipinizing the discipline is by using the Filipino language in the teaching of theology. In surveying available repositories, it was discovered that Bob Bonifacio's 1988 work is the last publication in Filipino on the topic of teaching theology in the national language. This makes it timely to revisit the topic. Using a survey questionnaire through Google Forms, the study will collect narratives from 12 selected teachers and professors of theology or religious education in universities and seminaries about their experiences in using Filipino in teaching. It will focus on several aspects of their practice, such as their reasons for using Filipino in theology, the value of utilizing the language, mentors who influenced them, challenges encountered, students' reactions, the effects on students' learning experiences, and their pedagogical strategies. This paper will present and weave together the respondents' experiences, along with commentaries and recommendations. Through this, it is hoped that theology teachers will see why the use of Filipino in teaching is both practical and reasonable. The study also aims to highlight the challenges of using Filipino (along with possible solutions), the benefits of utilizing it, and the pedagogical strategies that may be useful for theology teachers. Ultimately, this paper serves as a manifesto and calls for theology educators to embrace the use of Filipino in their teaching.

Keywords: teaching, Filipinization, Filipino Theology, pedagogical strategies, Filipino language

Abstrak

Limang dekada mula nang magsimula ang Teolohiyang Pilipino noong 1970s, nananatiling mabagal ang usad ng pagsasa-Filipino nito lalo na kung ikukumpara sa mga kapatid na kilusang Pilipinisasyon tulad ng Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino. Wala pa ring umiiral na kahit isang monolingguwal na dyornal ng teolohiya sa Filipino, walang pambansang samahang teolohikal na malay na nagsusulong ng Filipino, at nananatiling malaki ang agwat ng produksyon ng mga teolohikong aklat sa Ingles at Filipino. Isa sa mga makatutulong para sa higit na pagsusulong ng Pilipinisasyon ng teolohiya ay ang pagsasa-Filipino mismo ng pagtuturo nito. Sa pagsuyod ng mga repositoryo, lumilitaw na tila 1988 pa (akda ni Bob Bonifacio) ang huling publikasyon sa wikang Filipino ukol sa paksang ito ng pagtuturo ng teolohiya sa wikang pambansa. Kaya naman napapanahon ang muling pagbisita sa paksa. Sa pamamagitan ng palatanungan ng sarbey sa Google Forms, titipunin ng pag-aaral ang salaysay ng karanasan ng ilang 12 piling guro/propesor ng teolohiya/araling pangrelihiyon ng mga unibersidad at seminaryo sa kanilang pagtuturo gamit ang wikang Filipino. Nakatuon ito sa ilang aspekto ng kanilang karanasan tulad dahilan ng paggamit ng Filipino sa teolohiya, halaga ng pagpi-Filipino, mga mentor na nakaimpluwensya sa kanila, mga hamon sa pagpi-Filipino, reaksiyon ng mga mag-aaral, epekto sa pagkatuto ng mga estudyante, at mga taktikang pedagogikal. Ilalatag sa papel ang mga karanasang ito ng mga kalahok, pag-uugnay-ugnayin, at lalapatan ng ilang komentaryo at rekomendasyon. Sa pamamagitan nito ay hinahangad na maging malinaw sa mga guro ng teolohiya kung bakit praktikal at makatwiran ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo, ano ang mga hamon sa paggamit ng Filipino (at mga rekomendasyong solusyon sa mga ito), ano ang mga benepisyo ng paggamit ng Filipino, at anu-ano ang mga taktikang pedagogikal na maaaring magamit ng mga guro ng teolohiya. Ang lahat ng ito ay tungo sa layunin ng papel na magsilbing manifesto o panawagan sa mga guro ng teolohiya na gamitin ang Filipino sa pagtuturo.

Mga Susing Salita: pagtuturo, pagsasa-Filipino, Teolohiyang Pilipino, taktikang pedagogikal, wikang Filipino

Ang Makupad na Usad ng Teolohiyang Pilipino sa Pagsasa-Filipino

Magmula 1970s, natunghayan ng akademya ang pagsisikap ng mga pantas tungo sa Pilipinisasyon ng mga disiplina. Sa Unibersidad ng Pilipinas (UP)-Diliman, lumitaw ang Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar sa kasaysayan, Sikolohiyang Pilipino ni Virgilio Enriquez sa sikolohiya, at Pilipinolohiya ni Prospero Covar sa antropolohiya/araling pang-erya. Ang Pilosopiyang Pilipino naman ay namulaklak sa samu't saring pamantasan at seminaryo katulad ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST), Ateneo de Manila University (ADMU), De La Salle University (DLSU), Divine Word Seminary (DWS), Christ the King

Mission Seminary (CKMS), at iba pa. Sa pamamagitan ito ng pagpapagal ng mga pilosoper gaya nina Roque Ferriols, Leonardo Mercado, Florentino Timbreza, at iba pa. Bagaman hindi ganoong kalaki at kaorganizado tulad sa kasaysayan, sikolohiya, antropolohiya/araling pang-erya, at pilosopiya, nagkaroon din ng pagsisikap tungo sa Pilipinisasyon ng iba pang disiplina tulad ng sosyolohiya (Clemen Aquino), agham pampulitika (Remigio Agpalo), pampublikong administrasyon (Raul de Guzman), at ekonomiks (Tereso Tullao Jr.).

Sa larangan ng teolohiya, yumabong din ang Teolohiyang Pilipino, lalo na sa mga institusyon tulad ng Ecclesiastical Faculty of Sacred Theology ng UST, Loyola School of Theology ng ADMU, Maryhill School of Theology (MST), at East Asian Pastoral Institute (EAPI) (Tesoro at Jose 2004). Sa mga nakalipas na taon ay malaki rin ang ginampanan tungo rito ng Asian Theological Seminary (ATS), at St. Vincent School of Theology (SVST) ng Adamson University. Naging kampeyon ng pagsasa-Pilipinong ito ang mga batikang teologo gaya nina Jose de Mesa, Dionisio Miranda, Catalino Arevalo, Carlos Abesamis, Edicio de la Torre, Emerito Nacpil, Melba Padilla Maggay, Rodrigo Tano, Karl Gaspar, at iba pa.

Gayunman, kung ikukumpara sa naging paglago ng iba pang kilusang Pilipinisasyon, lalo na ng Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino, masasabing naging mas mabagal ang pag-usad ng Teolohiyang Pilipino lalo na sa paglipat mula Ingles tungong Filipino. May tatlong pangunahing aspekto ang Pilipinisasyon: 1. paggamit ng mga konseptong Pilipino (nilalaman), 2. paggamit ng wikang Filipino (anyo), at 3. paglalapat sa kontekstong Pilipino (pook). Kung sa usapin lang ng “nilalaman,” hindi maipagkakaila na malayo na ang narating ng Teolohiyang Pilipino. Samu’t sari na ang mga konsepto mula sa kultura at lipunang Pilipino na nalinang ng ating mga teologo (tulad halimbawa ng mga dalumat ng ginhawa, loob, daya, paramdam, luwalhati, maganda, atbp.). Matagumpay rin ang Teolohiyang Pilipino sa isyu ng “pook” o paglalapat ng mga pagsusuring teolohikal sa lipunang Pilipino, na makikita lalo na sa ehemplo ng *Theology of Struggle*. Ngunit sa usapin ng “anyo” o paggamit ng wikang Filipino, naging mas mabagal ang pag-usad ng Teolohiyang Pilipino. Maraming tagapagsulong ng Teolohiyang Pilipino na humuhugot mula sa wikang Filipino ng mga konseptong magagamit sa pagteteolohiya. Pero kapag ilalahad na ang mga konseptong ito sa pagteteolohiya, hindi na ginagamit ang Filipino bilang midyum ng komunikasyon. Gaya nga ng sabi ni Albert Alejo (1990), nanatiling nakakulong sa mga panipi at italisasyon ang mga katutubong termino, mga palamuti sa kabuuan ng tekstong nasa Ingles.

Ang musmos na kalagayan ng wikang Filipino sa Teolohiyang Pilipino ay makikita sa iba’t ibang aspekto. Sa usapin ng pananaliksik, hanggang sa kasalukuyan -- limang dekada makalipas ang pagsisimula ng Teolohiyang Pilipino -- ay wala pa ring umiiral na kahit isang monolingguwal na dyornal sa teolohiya na nasa wikang Filipino. Karamihan pa rin ng mga teolohikong dyornal sa Pilipinas ay monolingguwal na nasa wikang Ingles, tulad ng *Landas* ng ADMU Loyola School of Theology, *Philippiniana Sacra* ng UST Ecclesiastical Faculty of Sacred Theology, *Diwa* ng DWS at CKMS, *Journal of Theology* ng Central Philippine

University, at *Asia Pacific Mission Studies* ng EAPI. May mangilan-ngilang namang teolohikong dyornal na bilingguwal (nasa Ingles at Filipino). Gayunman, labis na kakarimpot ang inililimbag nila na nasa Filipino. Halimbawa, sa 28 isyu ng *Hapag* ng SVST mula 2004 hanggang 2024, dadalawang isyu lamang ang naglalaman ng artikulo sa Filipino, at tig-isang artikulong nasa Filipino lamang ang nasa dalawang isyung ito (Cacho 2018; Cacho at Padilla 2012)! Sa mabilisang pagsuyod sa websayt ng mga teolohikong dyornal sa Pilipinas, tila ang *MST Review* ng Maryhill School of Theology ang may pinakamaraming artikulong nasa Filipino. Ngunit ang “pinakamaraming” ito ay napakasalat pa rin kung ikukumpara sa mga publikasyon nila sa Ingles. Sa 32 isyu ng *MST Review* mula 1996 hanggang 2024, aapat na isyu lamang ang naglalaman ng akda sa Filipino (Dagmang 1996; Dagmang 2017; Dagmang 2018; Reyes 1999). Ang pinakabagong isyu ng *Philippine Journal of Religious Studies* ng Philippine Baptist Theological Seminary (PBTS) ay naglalaman din ng apat na akda sa Filipino, bagaman dalawa lamang ang talagang buong artikulo (Villanueva 2024; Lacquian 2024) at ang dalawa ay reaksiyon lang sa artikulo ni Federico Villanueva (Canoy 2024; Janapin 2024). Ito ang unang pagkakataon na nagkaroon sila ng entri na nasa wikang Filipino, dahil ang unang tatlong bolyum nila ay pawang nasa Ingles.

Ang kawalan ng monolingguwal na teolohikong dyornal sa Filipino marahil ang dahilan, kung bakit ang ilang mga nagsusulat ng teolohiya sa Filipino ay napipilitan na lamang minsang “makisingit” sa mga ‘di teolohikal na dyornal para mailimbag ang kanilang akda. Madalas na ang mga dyornal na ito ay ukol sa Araling Pilipino, agham panlipunan, humanidades, at pilosopiya. Ilang halimbawa ng mga ‘di teolohikong dyornal kung saan may “naligaw” na akdang teolohikal sa wikang Filipino ay ang mga sumusunod: *Malay* ng DLSU (Gonzales 1986, Vengco 1986; Timbreza 1986; Andrade 1986; Balajadia 1994; Reynon 2020), *Katipunan* (Bonoan 1971) at *Philippine Studies* (Francisco 1977) ng ADMU, *Scientia* (Tabile 2017) ng San Beda University, *Mabini Review* (Santos 2023a) ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, *PWU Research Journal* (Santos 2023b) ng Philippine Women’s University, at *Philippine Journal of Linguistics* ng Linguistic Society of the Philippines (Bonifacio 1988). Kapuna-puna na mas marami pang akdang teolohikal sa Filipino na nailimbag sa mga ‘di teolohikong dyornal tulad ng *Malay* kaysa mga teolohikong dyornal mismo!

Sa usapin ng mga aklat, wala pa tayong datos sa kasalukuyan upang malaman kung ilan ang naililimbag taun-taon sa Pilipinas na mga akdang teolohikal na nasa Filipino, kumpara sa Ingles. Pero para sa mga nasa loob ng larangan, madaling magkaroon ng kutob na siguradong kakarimpot ang produksyon ng mga aklat sa Filipino kung ihahambing sa Ingles. Gayundin, sa aspekto ng pagtuturo, wala pa rin tayong sapat na batayang empirikal upang malaman ang estado ng pagtuturo ng teolohiya sa wikang pambansa. Hindi ito masyadong pinapaksa ng mga mananaliksik. Kapag hinanap ang mga susing salita tulad ng “teolohiya,” “pagtuturo,” at “Filipino” sa mga onlayn na repositoryo, walang ibang lumilitaw kundi ang artikulong “Ang pagtuturo ng Teolohiya sa wikang Filipino” ni Bob Bonifacio, na 1988 pa nailimbag.

Samakatuwid, napapanahon nang muling bisitahin ang isyu ng pagtuturo ng teolohiya sa wikang Filipino. Noong 2023, nailimbag ng mananaliksik ang artikulong “Pagsasa-Filipino ng pagtuturo at pananaliksik sa agham panlipunan: Bahaginan ng best practices sa antas ng silid-aralan at departamento/kolehiyo” (Santos 2023c). Sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga historyador mula sa ilang pangunahing unibersidad sa Kalakhang Maynila, nakabuo ang pag-aaral ng listahan ng 17 best practices ng pagtuturo ng kasaysayan sa wikang Filipino. Nilayon itong maging imbentaryo ng mga “armas-panturo” na maaaring gamitin ng mga kaguruang naglalayong higit na pag-ibayuhin ang kanilang pagsasa-Filipino ng disiplina ng kasaysayan. Nais ng kasalukuyang pag-aaral na sundan ang diwa ng nabanggit na artikulo, at ilapat naman ito sa disiplina ng teolohiya.

Sa konteksto ng nahuhuling pag-unlad ng Teolohiyang Pilipino sa paggamit ng wikang Filipino, at sa harap ng kasalanan ng mga pag-aaral ukol sa pagtuturo ng teolohiya sa wikang pambansa, layunin ng pag-aaral na ito na maisagawa ang mga sumusunod na layunin:

1. Makabuo ng inisyal na repositoryo ng salaysay ng mga guro/teologo ukol sa karanasan sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng teolohiya
2. Maidokumento ang mga mga halaga ng paggamit ng Filipino sa teolohiya, at mga hamong kinakaharap ng mga nagsusulong nito
3. Magbigay ng ilang panukalang solusyon sa mga suliranin at balakid na kinakaharap ng mga guro sa paggamit ng Filipino sa teolohiya
4. Makalikha ng preliminaryong listahan ng mga taktikang pedagogikal na maaaring ireplika ng ibang guro sa sarili nilang pagtuturo ng teolohiya sa Filipino

Ang orihinalidad ng pag-aaral ay matatagpuan sa mismong mga empirikal na datos na halaw sa aktuwal na karanasan ng mga lumahok na guro ng relihiyon/teolohiya. Bagaman nauna nang nagsulat si Bob Bonifacio (1988) ng ukol sa pagtuturo ng teolohiya sa Filipino na mismong nakasulat sa wikang pambansa, ang artikulong ito ang unang aktuwal na pagdodokumento sa wikang Filipino ng karanasan ng mga teologo sa pagtuturo gamit ang wikang pambansa, kalakip ang mga halaga, hamon, at taktikang pedagogikal na mula mismo sa mga kalahok.

Pamamaraan ng Pananaliksik

Nilalayon ng kasalukuyang pag-aaral na magsilbing lunsaran para sa bahaginan ng mga karanasan ng ilang piling nagtuturo ng teolohiya sa mga unibersidad, seminaryo, at paaralang pangbiblia. Isinama na rin dito ang mga nagtuturo ng araling pangrelihiyon, lalo na dahil magkaugnay ang dalawa sa kaso ng ilang institusyon (tulad ng Department of Theology and Religious Education ng DLSU). Para sa pag-aaral na ito, bumuo ang mananaliksik ng palatanungan ng sarbey gamit ang Google Forms. Bilang isang

kwalitatibong pananaliksik, dinisenyo ang mga katanungan upang mahugot mula sa mga kalahok ang mga pananaw nila ukol sa pagtuturo ng teolohiya sa Filipino, at mga isyung nakakabit dito tulad ng dahilan sa paggamit ng Filipino, halaga ng paggamit, mga nakaimpluwensya, hamon/suliranin na kinaharap, reaksiyon ng mga mag-aaral, epekto sa klase, mga taktikang pedagogikal, *best practices*, at iba pang karanasan sa paggamit ng Filipino liban sa pagtuturo. Bukod dito ay isinama ang tanong ukol sa institusyon kung saan nagtuturo ang mga kalahok, at mga asignatura/kursong itinuro nila sa Filipino. Makikita sa Talahanayan 1 ang aktuwal na mga katanungang ipinadala sa mga kalahok.

TALAHANAYAN 1 Ginamit na Palatanungan para sa Sarbey ukol sa Pagtuturo ng Teolohiya sa Wikang Filipino	
Bilang	Katanungan
1	Naranasan mo na bang gumamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng teolohiya/relihiyon?
2	Saang institusyon mo naranasang gamitin ang Filipino sa pagtuturo ng teolohiya/relihiyon?
3	Ano ang pamagat ng aralin (lesson) o kurso (course) na itinuro mo sa wikang Filipino?
4	Isalaysay ang iyong karanasan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng teolohiya/relihiyon
5	Bakit ka nagpasyang gumamit ng Filipino sa pagtuturo ng teolohiya/relihiyon?
6	Para sa iyo, ano ang halaga ng paggamit ng wikang Filipino sa teolohiya/relihiyon?
7	Sino ang mga maituturing mong mentor/guro/manunulat na nakaimpluwensya sa iyo para sa paggamit ng Filipino sa teolohiya/relihiyon?
8	Anu-ano ang mga hamon/suliranin na kinaharap mo sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng teolohiya/relihiyon?
9	Anu-ano ang naging reaksiyon ng iyong mga mag-aaral sa iyong pasya na gumamit ng Filipino sa pagtuturo ng teolohiya/relihiyon?
10	Ano ang naging epekto ng iyong paggamit ng Filipino sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng teolohiya/relihiyon? Ano ang mga pagbabagong iyong naobserbahan?
11	Anu-ano ang mga pedagogikal na taktikang ginamit mo para sa pagtuturo ng teolohiya/relihiyon sa wikang Filipino?
12	Ano sa mga taktikang ito ang maaari mong ibahagi bilang "best practice" sa iba pang kaguruang nais ding gumamit ng Filipino sa pagtuturo ng teolohiya/relihiyon
13	Anu-ano ang iba mo pang karanasan o pagpupunyagi sa paggamit ng

	wikang Filipino sa teolohiya/relihiyon bukod sa pormal na pagtuturo sa silid-aralan? (hal. pananaliksik, presentasyon ng papel, publikasyon, pangangaral, ebanghelisasyon, administrasyon, iba pang ministryo).
--	---

Ang palatanungang ito ay ipinamudmod sa humigit kumulang 27 teologo at nagtuturo ng relihiyon sa pamamagitan ng *email* at *social media* sa iba't ibang petsa ng Setyembre at Oktubre 2024. Hinintay ang tugon dito ng mga pinadalhan hanggang Nobyembre. Labingdalawa (12) ang saktong bilang ng mga kalahok na tumugon sa naturang sarbey. Pumayag ang lahat ng mga kalahok na pangalanan sila sa pananaliksik na ito, at tuwirang sipiin ang kanilang mga isinagot. Makikita sa Talahanayan 2 ang listahan ng mga kalahok, kanilang institusyong kasalukuyang kinabibilangan, institusyon kung saan nila naranasang magturo ng teolohiya/araling pangrelihiyon sa wikang Filipino, at mga kurso/asignatura/paksang teolohikal at pangrelihiyon na naituro nila sa Filipino. Ang kanilang pagkakasunod-sunod sa listahan ay nakabatay sa kronolohikal na pagsagot nila sa sarbey.

TALAHANAYAN 2 Impormasyon ukol sa mga Kalahok			
Kalahok	Institusyong Kasalukuyang Kinabibilangan	Institusyon kung saan Nakapagturo Gamit ang Wikang Filipino	Kurso / Asignatura / Paksang Naituro sa Wikang Filipino
Adrian Cueto	Institute for Religious Education, Adamson University	Institute for Religious Education, Adamson University	Searching for God in the world today
Marvin Nicolas	Institute for Religious Education, Adamson University	Adamson University at St. Paul University	Teolohiya
John Patrick Toledo	Department of Theology and Religious Education, De La Salle University	Adamson University at De La Salle University	Faith Worth Living (LCFaith)
Federico Villanueva	Loyola School of Theology, Ateneo de Manila University	Loyola School of Theology, Ateneo de Manila University	Teolohiya ng Katolikong Pananaw Hinggil sa Lipunan
Hazel Joyce Salatan	Union Theological Seminary	Union Theological Seminary	Mga kurso sa Christian Education
Lizette Tapia-Raquel	Union Theological Seminary	Union Theological Seminary	Christian Theology 1 & 2, Babaylan

			and Feminisms
Reshley Canlas	De La Salle University, St. Andrew's Theological Seminary (Retirado)	De La Salle University, St. Andrew's Theological Seminary	Introduction to Scriptures; Introduction to Theology; Canon Law; Catechism
Arvin Eballo	Institute of Religion, University of Sto. Tomas	Institute of Religion, University of Sto. Tomas	Panlipunang Turo ng Simbahan
Kelvin Paul Panuncio	Concepcion Holy Cross College	Concepcion Holy Cross College	Religion, Religious Experiences and Spirituality
Timoteo Gener	FEBIAS College of Bible	FEBIAS College of Bible	Theism (Theology 1)
Agnes Brazal	Department of Theology and Religious Education, De La Salle University	Maryhill School of Theology	Teolohiya ng Pagpapakatao
Dorothy Javier-Martinez	Department of Theology and Religious Education, De La Salle University	Department of Theology and Religious Education, De La Salle University	The Call of the Kingdom of God and Christian Responses; Catholic Moral Teachings; Psychological Foundation of Education

Yamang ang pag-aaral ay okasyon ng “bahaginan ng karanasan,” ilalatag sa susunod na bahagi ang salaysay ng mga kalahok batay sa tema ng mga tanong, pag-uugnay-ugnayin ang mga ito, at lalapatan/lalakipan ng mga pagpapaliwanag at pagmumuni-muni ng mananaliksik. Sa pamamagitan nito ay hinahangad na makapag-ambag sa pagbibigay-linaw sa mga isyung umiinog sa pagtuturo ng teolohiya gamit ang wikang pambansa.

Bahaginan ng Karanasan sa Pagtuturo ng Teolohiya sa Wikang Filipino

Dahilan at Halaga ng Paggamit ng Wikang Filipino

Sa hanay ng mga ibinigay na dahilan at halaga ng paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo, ang pinakamadalas na lumilitaw sa mga sagot ng mga kalahok ay ang pagiging

mas madaling maunawaan ng aralin kapag ito ay nasa Filipino kaysa Ingles. Sa katunayan, 9 sa 12 kalahok ang bumanggit ng dahilang ito kaya sila nagpasyang gumamit ng Filipino. Saad nga ni Javier-Martinez:

...naniniwala ako na kapag ginamit ang wikang mas nauunawaan ng tao, higit na magkakaroon ng talab ang pagkatuto, at mas makapagpapahayag nang tapat ang mga mag-aaral.

Hindi naman ito nakapagtataka dahil mas marami naman talagang Pilipinong mas nakauunawa ng Filipino kaysa Ingles. Sa malawakang sarbey na isinagawa ng Social Weather Stations (SWS) noong Marso 2023, lumitaw na 96% ng mga Pilipino ang nakakapagbasa ng wikang Filipino, 93% ang nakauunawa, 93% ang nakapagsusulat, 87% ang nakapagsasalita, at 75% nakakapag-isip sa Filipino, at 1% lang ang nagsabi na wala sila ng lahat ng kakayahang ito sa wikang Filipino. Mas mababa kaysa rito ang datos kaugnay ng Ingles. Ayon sa parehong sarbey, 80% ng mga Pilipino ang nakauunawa ng Ingles, 69% ang nakasusulat, at 55% ang nakapagsasalita ng Ingles. Dagdag pa ng SWS, kung pagsasama-samahin ang mga datos na ito, ipinapakita nito na 75% ng mga Pilipino ang mahusay sa Filipino, habang 47% ang mahusay sa Ingles (Vera Cruz 2023). Sa harap ng mas mataas na estatistika ng Filipino kaysa Ingles, natural lamang na mas mauunawaan ng higit na bilang ng mga mag-aaral ang teolohiya kapag ito'y itinuturo sa Filipino.

Ang sunod na madalas mabanggit ng mga kalahok na dahilan/halaga ay nakaugnay rin sa isyu ng madaling pag-unawa: upang maging mas komportable ang mga mag-aaral sa pagpapahayag. Kung mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang Filipino, natural lamang na mas madali rin para sa kanilang magsalita at magpaliwanag gamit ang wikang ito. Pagbabahagi nga ni Gener:

Napansin kong intimidating ang English bilang medium ng pag aaral para sa mga estudyante. Mas naiintindihan at mas malayang nakakapagbahagi ang mga mag aaral kung Taglish ang daloy ng talakayan at kahit sa mga reporting ng mga estudyante.

Yamang mas komportable ang mga mag-aaral sa Filipino (Salatan), mas naipapahayag nila ang kanilang pag-iisip at opinyon (Gener), kaya naman mas nagiging malaya ang talakayan sa loob ng klasrum (Tapia-Raquel). Kaya sa kaso ni Canlas, isinaad niyang mas gusto ng kanyang mga estudyante ang Pilipino kaysa Ingles na pagtuturo. Pagbabahagi ni Brazal:

Akala ng mga seminarista, mahirap mag-aral sa Pilipino kasi di naman sila mga Tagalog. Pero ang nangyari ay kabaligtaran. Mas madali nilang naunawaan ang mga tinatalakay; parang nagkukwentuhan lang kami ang dating sa kanila.

Ang ikatlong dahilang lumitaw ay ang pagiging epektibo ng Filipino na higit na palalimin ang mga aralin. Ayon kay Eballo, mas napapalalim ang pagpapaliwanag, dahil mas may talab sa isip at damdamin ng mga mag-aaral ang wikang gamay nila, wikang hiyang sa kanila. Nabanggit din ni Javier-Martinez ang salitang “talab,” at sinabing mas may talab ang pagkatuto kapag sariling wika ang ginamit. Mahirap nga namang palalimin ang pagpapaliwanag ng aralin, kung hindi rin malalim ang pagkaalam at karanasan ng mga mag-aaral sa wikang ginagamit ng guro. Dagdag pa ni Salatan:

Nalilining ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga terminolohiyang wikang Filipino.

Ganito rin ang mismong dahilan ni Roque Ferriols, isa sa mga pangunahing tagapagsulong ng Pilosopiyang Pilipino, kung bakit pinasimulan niya sa ADMU ang pagtuturo ng pilosopiya sa wikang Filipino. Sa ibinahaging anekdota ni De Joya (2013), minsang may nagtanong kay Ferriols na isang dyornalista kung bakit siya nagpasyang magturo ng pilosopiya sa Filipino. Tinitigan niya ang dyornalista, sabay bitaw ng malutong na “p*tang ina mo!” Nagulantang ang walang kamalay-malay na dyornalista. Biglang ngumiti si Padre Roque, at sinabing “mas epektib diba?” Ibig sabihin lang niya, mas madarama at mas may talab sa dyornalista kapag minura niya ito gamit ang sariling wika, kaysa murahin siya sa Ingles. Mas malamya ang magiging epekto kung minura niya ang dyornalista sa Ingles. Ito rin marahil ang dahilan kung bakit mas bastos pakinggan para sa mga Pinoy ang mga terminong Pilipino na tumutukoy sa ari, kaysa mga terminong Ingles, at kung bakit mas may talab sa tainga ng Pinoy ang “mahal kita” kaysa “I love you.” Mas may bigat sa pandinig ng Pinoy ang mga sariling salita kaysa mga hiniram lamang.

Ikaapat, hindi lamang mga mag-aaral ang higit na nakapagpapahayag gamit ang Filipino. Totoo rin ito sa panig mismo ng mga guro. Ani Toledo, gumagamit siya ng Filipino dahil mas madali niyang naipapahayag ang paksang tinatalakay. Kahit si Gener, na maraming publikasyong teolohikal sa Ingles, ay nagsabi ring mas nakakapag-isip at nakakapagpahayag siya sa klase kapag gumagamit ng Filipino. Maganda naman itong nailahad ni Cueto nang sabihin niyang mas naipapahayag ng guro ang tunay na nilolob niya kapag gumagamit ng Filipino, naipapahayag niya “ang sarili nang walang pagpapanggap.”

May ilan din sa mga kalahok na nagsayt ng direktiba ng mga awtoridad bilang dahilan ng paggamit ng Filipino. Pagbabahagi ni Eballo, ineendorso ng National Catechetical Directory for the Philippines, gayundin ng Second Plenary Council of the Philippines (PCP II) na gamitin ang Filipino sa katekesis o pagtuturo ng relihiyon. Nabanggit din ni Javier-Martinez ang PCP II:

Naniniwala ako ng adbokasiya na Vatican II, at ng PCP II #72, “Dapat mag-ugat ang Pananampalatayang Kristiyano sa sinapupunan ng ating pagka-Filipino upang tunay na makasampalataya at makapagmahal tayo bilang mga Filipino.”

Para naman kay Brazal, isang salik ang mismong misyon ng dati niyang pinagturuang MST. Naging tuon umano ng MST noong 1990s at maagang 2000s ang pagsasa-Filipino ng teolohiya.

Bukod sa mga pragmatikong benepisyo ng paggamit ng Filipino na nabanggit (madaling maunawaan, mas komportable, at mas mapapalalim ang talakayan), may iba pang mas malalim at mas teoretikal na dahilan at halagang naipunto ng ilang kalahok. Isa sa pinakanakapagpaliwanag ng aspektong ito ay si Villanueva. Aniya, ang paggamit ng Filipino ang daan tungo sa pag-aambag ng mga Pilipino sa pandaigdigang pananaliksik sa teolohiya. Makatuturang sipiin dito nang tuwiran si Villanueva:

Ang wika ay kapahayagan ng kultura. Lalo na sa teolohiya na ang pinag-uusapan ay tungkol kay Bathala, ang paggamit ng Filipino ay nagsisilbing tulay para sa ating pinagmulan. Napakarami ring mga salitang mayaman na wala sa Ingles or hindi kayang ipahayag sa Ingles, tulad ng tampo, himagsikan, dalamhati, luwalhati.

Para kay Villanueva, ang mga konseptong nagmumula sa kulturang Pilipino ang maaaring maging espesyal na kontribusyon ng Pilipinas sa pandaigdigang pag-unawa sa teolohiya. Nalilimitahan ang posibilidad ng ganitong kontribusyon kung panay sa Ingles tayo nagteteolohiya. Ganito rin ang paniniwala ni Gener:

Nakapag dedevelop din tayo ng mga kategorya at bokabularyong sariling atin sa larangan ng pag teteolohiya. Puno't dulo ay mas natutumbok nito ang layuning ninanais ng teolohiya - pagbabalik-loob sa Diyos at pagbabagong buhay hindi lamang sa sarili kundi sa ikaaayos ng lipunan, mundo o sangnilikha.

Sa pananaw naman ni Salatan, ang paggamit ng Filipino ay daan tungo sa dekolonisasyon ng teolohiya, upang igpawan ang umiiral sa ating kolonyal na mentalidad. Sinegundahan ito ni Tapia-Raquel, na nagsabing makakapagbigay-daan ang wikang Filipino para sa mas nasyonalista at mas progresibong perspektiba sa teolohiya. Samakatuwid, ang pagtuturo gamit ang wikang Filipino ay isang pulitikal na tindig -- paninindigan itong wasakin ang pagkakagapos ng Teolohiyang Pilipino sa mga dating panginoong kolonyal, at bumuo ng isang teolohiyang tunay na Pilipino.

Si Salatan din ang nagsabi na isa pang dahilan niya sa paggamit ng Filipino ay sapagkat:

Mas malapit sa karaniwang ginagamit ng kanilang mga pinaglilingkurang komunidad.

Kung ang una nilang nabanggit ni Tapia-Raquel ay ukol sa dekolonisasyon at Pilipinisasyon ng teolohiya, ang punto namang ito ay may kinalaman sa demokratisasyon ng teolohiya. Tumutukoy ang demokratisasyon sa pagsasakapangyarihan sa taumbayan, sa redistribusyon ng kapangyarihan sa mas nakararaming bilang ng populasyon. Nabanggit na natin kanina na mas maraming Pilipino ang mahusay sa Filipino kaysa Ingles. Kung gayon, kung gusto nating mas makarating sa taumbayan ang saysay ng teolohiya, sa bayang dapat na pinaglilingkuran natin bilang mga akademiko, dapat na gamitin natin ang wikang mas malapit sa kanila. Ang demokratikong halaga ng Filipino na naipunto ni Salatan ay tumutugma rin sa panawagang ito ni Jose de Mesa (2004):

Ang higit na nakararaming Pilipino sa ating bansa ay mahirap... Maraming palatandaan ang kaibahan ng katayuan ng mga maykaya sa mga mahihirap. Isa na rito ang gamit na wika. Sa pangkalahatan, masasabing Ingles ang salita ng mga nakaririwasa at mga nag-aastang mayaman at Filipino naman ang sa mga maralita... Kung Ingles pa rin ang ating tahanang teolohiko, napapanahon na para tayo ay lumipat ng tirahan – sa isang tahanang mas malapit sa nakararami nating kapwa Pilipino.

Bukod sa mga naipaliwanag na, ilan pang dahilang naibigay ng mga kalahok ay ang mga sumusunod: ang pagsasa-Pilipino ay inkulturasyon at inkarnasyon ng teolohiya (Nicolas), intelektuwalisasyon ng Filipino (Brazal), pagsasalin ng mga banyagang terminolohiya (Brazal), pagtulak sa mga mag-aaral na maging mas malikhein sa pagsusulat ng mga papel (Tapia-Raquel), at pagpapalalim ng pananampalatayang Kristiyano (Javier-Martinez)

Mahalaga ring mabanggit ang mga *mentor*, manunulat, at iba pang taong itinuturo nilang nakaimpluwensya sa kanila sa paggamit ng wikang Filipino sa teolohiya. Lima sa kanila ang nagbanggit kay Jose de Mesa bilang *mentor* o inspirasyon (Cueto, Eballo, Gener, Brazal, at Javier-Martinez). Ang iba pang nabanggit na teologo bilang *mentor*/nakaimpluwensya ay sina Sabino Vengco at Roque Ferriols (para kay Nicolas), Javier-Martinez (para kay Toledo), Albert Alejo at Virgilio Enriquez (para kay Villanueva), Lualhati Bautista at Angelito Manalili (para kay Tapia-Raquel), Benjamin Dayrit, Lorenzo Bautista, at Melba Maggay (para kay Gener), Ferriols (para kay Brazal), at Rebecca Cacho (para kay Javier-Martinez). May ilan din sa kanila na kolektibong sektor o institusyon ang itinurong inspirasyon para sa paggamit ng Filipino. Sa kaso ni Salatan:

Ang mga magsasaka. Nagsimula ang paggamit ko ng wikang Filipino ng isulat ko ang aking thesis. Mahalaga sa akin na nauunawaan nila ang isinusulat ko tungkol sa kanila sa larangan ng teolohiya.

Napakahalaga ng nabanggit ni Salatan, dahil marami talagang pagkakataon na nagteteolohiya ang mga dalubhasa ukol sa karanasan at kamalayan ng masa, ngunit ang mismong paksa at pinagmumulan ng kanilang datos ay hindi naman nauunawaan ang kanilang mga isinusulat, dahil ipinapahayag nila ito sa wikang iba sa pang-araw-araw na ginagamit ng taumbayan. Interessanteng iugnay rito ang minsang naisalaysay ni Daniel Pilario (2015), kasalukuyang pangulo ng Adamson University, sa kanyang artikulo. Matapos ang pagdepensa ng kanyang disertasyon, bumalik siya sa kanilang bayan sa Cebu upang ipagdiwang ang tagumpay na ito, kasama ang mga mangingisda at magsasaka. Bilang pasasalamat sa inspirasyong ibinigay nila, nagbigay siya sa kanila ng isang kopya ng disertasyon. Maya-maya pa ay kumain na sila, at nakalimutan na ng lahat ang ukol sa disertasyon, bukod na lamang sa isang babae na binuklat ito, at sabay bumulong kay Pilario na:

“Di man ko kasabot Padre. Iningles man diay. Naa kay Bibliya nga binisaya. Mangayo unta ko. Basin mas makatabang na kaysa ani.” (I cannot understand this Father. It’s written in English. Do you have a Visayan bible? I would like to ask if you have. Maybe that is more helpful).

Malinaw na makikita sa anekdotang ito ang *alienation* na nararanasan ng mga teologo mula sa kanilang sariling komunidad, na kanilang pinag-aaralan at pinaglilingkuran. Dito papasok ang halaga ng binanggit ni Salatan na paggamit ng Filipino bilang wikang mas malapit sa mga magsasaka.

Ukol pa rin sa inspirasyon sa paggamit ng Filipino, naibahagi ni Reshley Canlas na:

...karanasan ko sa pagsisilbi sa simbahan ang nagturo sa akin ng kahalagaan ng pagturo sa wika ng mga nakikinig.

Mayroon ding nagbigay-kredito sa mga pangkasaysayang pigura bilang inspirasyon. Paglalahad ni Villanueva:

...ang pinaka-nagbigay sa akin ng inspirasyon ay si Gaspar Aquino de Belen sa kanyang Mahal na Pasion at si Balagtas sa kanyang Florante at Laura. Napakayaman ng mga ito sa teolohiya.

Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino

Isa sa pangunahing hamon na nabanggit ng mga kalahok ay ang presensya ng mga banyagang mag-aaral. Lima sa labingdalawang kalahok ang naglahad ng suliraning ito (Cueto, Villanueva, Salatan, Eballo, Javier-Martinez). Ani Cueto at Salatan, kailangang mag-

Ingles kapag may banyagang mag-aaral. Kaya sa kaso ni Eballo, nagpi-Filipino lamang siya sa klase kapag walang banyaga. Ganito rin ang isinaad ni Javier-Martinez:

Hindi maaaring gamitin ang wikang Filipino sa klase kapag may mga International students, o mag-aaral na hindi mga Filipino, o hindi nakakaunawa ng wikang Filipino.

Marahil ay tinutukoy niya rito ang mga Pilipinong lumaki sa ibang bansa, gayundin ang mga Pilipinong nag-aral sa mga *"international school"* sa Pilipinas. Ayon nga kay Villanueva, malaking hamon ang paggamit ng wikang pambansa nang hindi napapabayaang global na komunidad.

Hindi madaling solusyunan ang hamon na ito. Ngunit nais kong ilatag ang rekomendasyon na isang posibleng opsyon sa mga unibersidad at seminaryo ang pagkakaroon ng polisiya, kung saan pagsasama-samahin ang mga banyagang mag-aaral, at magbubukas ng hiwalay na klase para sa kanila. Noong kasalukuyan pa akong nagtuturo sa Centro Escolar University, nang mailahad ko ang pangangailangan na ituro ang mga agham panlipunan sa wikang Filipino, nabanggit ng pangulo ng unibersidad na baka maaari nilang pag-usapan sa administrasyon ang posibilidad ng pagbubukas ng mga espesyal na klase para sa mga banyagang mag-aaral, nang sa gayon, kapag puro Filipino lamang ang mga estudyante ay magamit nang husto ang wikang Filipino sa pagtuturo. Ganito rin ang mismong ginagawa ng Departamento ng Filipino ng DLSU. Inihihiwalay ang mga banyagang estudyante sa mga Pilipinong estudyante, at pinagsasama-sama sila sa isang kurso na kung tawagin ay *"Basic Filipino"* (BASIFIL). Dalawa ang benepisyo nito. Una, maituturo ang wikang Filipino sa banyagang mag-aaral gamit muna ang Ingles para hindi sila mahirapan, at pangalawa, upang maituro nang dire-diretso ang lahat ng aralin sa mga Pilipinong mag-aaral gamit ang wikang Filipino.

Kung tutuusin ay pananagutan naman talaga ng mga paaralang tulungan ang mga banyagang mag-aaral na matuto ng Filipino. Sinipi ni Dolores Taylan (2017) ang Order No. 26, s. 1994 ng Department of Education Culture and Sports (kasalukuyang Department of Education o DepEd), na nagsasaad na bawat paaralang mayroong banyagang mag-aaral ay dapat magplano ng mga programa at gawain na mas makapagpapabilis sa pagkatuto nila ng wikang Filipino. Paliwanag ni Taylan, praktikal ang benepisyo nito sa mga banyagang mag-aaral. Bukod sa mas uunlad ang komunikasyon at ugnayan nila sa mga Pilipinong kaklase, at makatutulong ito sa mismong pag-aaral nila, kung sakaling mapagpasyahan nilang manatili sa Pilipinas sa hinaharap upang magtrabaho ay napakalaking adbentahe kung marunong silang mag-Filipino. Idagdag pa rito na mas lalalim ang pagkakilala nila sa kultura ng Pilipinas bilang kanilang *host country*, kung matututo sila ng ating wika.

Kakaunti lamang ang mga pag-aaral na kagaya ng kay Taylan, na ukol sa pagtuturo ng Filipino sa mga banyagang nag-aaral sa Pilipinas. Higit na mas marami ang nailimbag ukol

sa pagtuturo ng Filipino sa mga banyaga na nag-aaral sa mga unibersidad sa ibang bansa (hal. pagtuturo ng Filipino sa Estados Unidos sa Domingo 2017; Pransya sa Luquin 2016 at Quirolgico-Pottier 1997; Japan sa Oue 1997 at Antonio 1997; Tsina sa Yu at Laranjo 2020; at Japan, Tsina, at Korea sa Laranjo 2021). Marahil ay indikasyon ito na hindi pa talaga gaanong nabibigyan ng prayoridad ang isyu ng pagtuturo ng Filipino sa mga banyagang mag-aaral sa Pilipinas, kaya naman lalo itong napapanahong pag-usapan. Sa konteksto ng teolohiya, lalo itong napapanahon, dahil sa abot ng aking kaalaman ay wala pang kahit isang limbag na pag-aaral ukol sa pagtuturo ng teolohiya sa mga banyagang mag-aaral sa Pilipinas gamit ang wikang Filipino.

Napapanahon na rin talagang bigyan ng *required units* ang mga banyagang mag-aaral sa wikang Filipino. Hindi naman ito kalabisan dahil maraming pamantasan sa iba't ibang bansa ang mayroong ganitong polisiya. Sa mga personal na komunikasyon kay Zeus Salazar, madalas niyang ibinabahagi sa aming mga nakababata sa disiplina ng kasaysayan na sa loob ng 12 taong pag-aaral niya sa Europa, natunghayan niya na kapag papasok ang isang banyagang mag-aaral halimbawa sa paaralang Pranses o Aleman, kailangan niya munang kumuha ng ilang yunits ng wikang Pranses o Aleman. Hangga't hindi pa natututo ang banyagang mag-aaral ng Pranses o Aleman, hindi pa siya maaaring kumuha ng mga medyor na kurso kung saan kaklase niya ang mga estudyanteng Pranses o Aleman. Ito'y sapagkat hindi mag-*adjust* ang mga Pranses at Aleman na magsalita ng Ingles alang-alang sa banyagang mag-aaral. Yamang nasa Pransya at Alemanya sila, ang mga banyagang mag-aaral ang dapat matuto ng Pranses at Aleman.

Umiiral din ang polisiyang ito sa marami pang bansang may matatag na pagkakakilanlang kultural, gaya ng Tsina, Japan, Indonesia, Espanya, at maging Estados Unidos. Ganito kataas ang pagpapahalaga nila sa kanilang wikang pambansa. Ipinagmamalaki nila ito kaya itinuturo nila sa mga banyagang mag-aaral. Sapat ang respeto sa sariling kalinangan ng mga bansang ito, at alam nilang hindi maaaring laging sila ang mag-*adjust*. Kabaliktaran nito ang polisiya ng mga unibersidad natin sa Pilipinas. Sa kaso natin, kahit na siguro umabot sa isang dekada ang pag-aaral dito ng mga banyaga, hindi pa rin sila matututo ng ating wika dahil hindi ito itinuturo sa kanila. At pansinin ang kabalintunaang ito: kapag tayong mga Pilipino ang tumutungo sa ibang bansa bilang banyagang mag-aaral, tayo ang kailangang mag-*adjust* para sa kanila sa pamamagitan ng pag-aaral natin ng wika nila; pero kapag mga banyagang mag-aaral ang tutungo sa ating bansa, tayo pa rin ang mag-*adjust* sa kanila! Kapag halimbawa Filipino ang ginagamit ng guro sa kanyang pagtuturo, at Filipino rin ang gamit ng mga Pilipinong mag-aaral sa pagsasalita, magbabago ito kapag may nag-iisang banyagang mag-aaral na biglang nag-*enroll* sa klase -- awtomatikong lilipat sa pag-i-Ingles ang guro at lahat ng mga Pilipinong mag-aaral. Ito ay isang pabor na hindi naman ibabalik ng mga banyaga: kapag may isang estudyanteng Pilipinong tumungo sa ibang bansa at nag-*enroll* sa isang pamantasang Hapon, hindi maaasahan na lahat ng mga Hapong propesor at estudyante ay biglang mag-i-Ingles alang-alang sa iisang Pilipinong estudyante.

Maganda ring ilahad kaugnay nito ang isang naibahagi ni Villanueva sa mananaliksik sa isang personal na komunikasyon noong Nobyembre 19, 2023. Aniya, noong panahong nagdodoktorado siya sa Europa, ang unang ginawa ng kanyang propesor ay naglabas ng artikulo sa wikang Aleman at ipinabasa sa kanya. Hindi raw ito agad na nabasa ni Villanueva dahil kulang pa raw ang kanyang kaalaman sa Aleman. Sinabi sa kanya ng kanyang propesor na tatanggapin lamang siya nito bilang mag-aaral kung matututo siya ng Aleman at hindi lamang Ingles. Kaya raw napilitan siyang mag-aral ng Aleman, at tinulungan siya ng isang kasamahan sa simbahan na bihasa sa Aleman. Sa kabilang banda, pagbabahagi pa rin Villanueva, kapag mga banyagang mag-aaral ang nasa Pilipinas at kahit pa yaong mga *Philippine Studies* ang mismong inaaral, nakakapagtapos sila nang hindi man lamang natututo ng Filipino! Dagdag pa ni Villanueva, nais niya sanang dumating ang panahon na kapag may estudyante siya sa doktorado kung saan siya ang *supervisor*, ibibigay niyang *required reading* ang Florante at Laura, at kapag ayaw itong basahin ng mag-aaral ay hindi niya tatanggapin sa klase.

Sa harap ng mga argumentong ito, masasabi kong tunay na napapanahon nang turuan naman ang mga banyagang mag-aaral ng Filipino. Makatutulong din ito para may matutunan din ang mga banyagang mag-aaral sa Teolohiyang Pilipino kapag itinaturo ang mga *minor* at *major courses* sa teolohiya, tulad ng kung paanong may natututunan ang mga Pilipinong teolohikong estudyante ukol sa Teolohiyang Aleman, Teolohiyang Amerikano, Teolohiyang Pranses, atbp., kapag nag-aaral sila sa Alemanya, Estados Unidos, at Pransya.

Samantala, tulad sa kaso ng mga banyagang mag-aaral, limang kalahok din (Salatan, Canlas, Panuncio, Brazal, Javier-Martinez) ang nagsaad na isa pang pangunahing hamon ay ang hirap na isalin ang mga terminong teolohikal sa Filipino. Ayon kay Salatan at Javier-Martinez, maraming salitang banyaga na mahirap hanapan ng salin sa ating wika. Malaking hamon ang maghanap ng “buhay na katumbas” ng mga teknikal na salita (Canlas). Sinalungguhan din ni Brazal ang pangangailangan na ang hanaping salin ay hindi lamang basta literal, bagkus ay “dinamiko.” Ibig sabihin, habang nagpapakatapat sa pinagmulang wika sa pagsasalin, dapat ay nagiging tapat din ang salin sa konteksto ng ating sariling kultura.

Ang pangunahing solusyon sa suliraning ito ay ang pagbuo ng mga diksyunaryong teolohikal sa wikang Filipino. Sa abot ng aking pagkakaalam, dalawang diksyunaryong teolohikal pa lamang ang mayroon sa wikang Filipino: *Ang mga Kataga ng Teolohiyang Doktrinal* (de Guzman et al 2001), at *Mga Kataga sa Teolohiya ng Pagpapakatao* (Miranda et al 2022). Mahalaga ang dalawang akdang ito, at magandang panimula na para sa mas malawak na sirkulasyon ng mga umiiral na salin ng mga banyagang termino. Gayunman, manipis pa ang dalawang ito: ang unang nabanggit ay 37 pahina lamang, habang ang ikalawa ay 43 pahina. Kinakailangan ng mas komprehensibong diksyunaryo sa hinaharap, na magtitipon ng mas maraming katagang teolohikal sa wikang Filipino. Ang ganitong komprehensibong

diksyunaryo ay makatutulong sa maraming guro upang mas mapadali ang kanilang pagtuturo ng teolohiya sa wikang Filipino, bukod pa sa makatuturan ito para sa mga mananaliksik na nagsusulat ukol sa teolohiya sa Filipino.

Sa aking palagay, mas magiging posible ang ganitong malaking proyekto kung magkakaroon ng inter-unibersidad at inter-seminaryong kooperasyon, sa halip na isang unibersidad/seminaryo lamang ang gumawa nito (tulad sa kaso ng dalawang nabanggit na diksyunaryo, na parehong inisyatiba ng MST). Sa ganitong inter-unibersidad/seminaryong pagtutulongan, maaaring maging tagapagtulay ang mga pambansang samahan sa teolohiya gaya ng Damdaming Katoliko sa Teolohiya (DAKATEO) at Religious Educators Association of the Philippines (REAP), yamang naglalaman sila ng mga kasapi na fakulti rin sa iba't ibang unibersidad/seminaryo.

Bukod sa pagiging mas komprehensibo at produkto ng inter-unibersidad o inter-seminaryong kooperasyon, isa pang nais kong ipanukala ay ang magtutungan ang mga teologong Katoliko at Protestante/Ebanghelikal sa pagprodyus ng diksyunaryong ito. Ang dalawang nabanggit na diksyunaryo ay parehong produkto ng mga teologong Katoliko. Wala pang naipoprodyus na kagaya nito sa panig ng mga Protestante/Ebanghelikal. Mahalagang magtulong ang dalawang panig yamang pareho naman silang nagsusulong ng Teolohiyang Pilipino. Sa isang personal na komunikasyon kay Melba Padilla Maggay sa tanggapan ng Institute for Studies in Asian Church and Culture (ISACC) noong Hulyo 22, 2023, naibahagi niya sa mananaliksik ang isang sinabi sa kanya dati ni Jose de Mesa noong nabubuhay pa ito. Sa palagay raw ni de Mesa, Teolohiyang Pilipino ang siyang magbibigkis sa buong Kakristiyanuhan ng Pilipinas, lalo na sa pagitan ng Katoliko at Protestante/Ebanghelikal, dahil sa kabila ng lahat ng pagkakaiba nila, lahat sila ay Pilipino at lahat ay nagnanasang paunlarin ang Teolohiyang Pilipino. Sa isang malaking proyekto tulad ng diksyunaryong teolohikal sa Filipino mas maisasakatuparan ng mga teologong Katoliko at Protestante/Ebanghelikal ang ganitong pangarap ni de Mesa. Ngunit kung magiging matagal ang pagsasagawa ng ganitong proyekto dahil sa mahirap na proseso, malaki rin naman ang maitutulong ng mas maliliit na mga diksyunaryo (tulad ng dalawang mayroon na), kung iisa-isahin muna ang mga sangay ng teolohiya.

Ang ikatlong hamon na natukoy ng mga kalahok ay ang rehiyunalismo. Saad ni Salatan, may mga seminaristang galing sa iba't ibang panig ng bansa na hiras sa Filipino. Marami sa kanila ang may pangamba sa simula ng aralin, dahil hindi naman sila Tagalog (Brazal). Ani Gener, marami sa mga mag-aaral ang hiras sa purong Tagalog. Dagdag ni Villanueva:

Yung regionalism, yung pakiramdam at pananaw ng ibang mga kababayan natin na hindi Tagalog ang unang salita, na ang Tagalog ay "oppressive," at mas gugustuhin nila ang Ingles kaysa Filipino.

Upang mabawasan ang pangamba at resistans ng mga mag-aaral sa Filipino, mahalagang ipaliwanag sa mga mag-aaral na magkaiba ang Pilipino at Filipino. Ang Pilipino ay ang dating wikang pambansa na nakabatay lamang sa Tagalog. Maaalalang ang Konstitusyong 1935 ang naghirang sa Tagalog bilang wikang pambansa. Mula 1959, pinalitan ang tawag sa wikang pambansa mula Tagalog tungong Pilipino upang magkaroon ito ng pambansang tunog. Ngunit nanatili itong pambansang wikang nakabatay lamang sa Tagalog. Ang mga lingguwista sa UP, sa pangunguna ni Ernesto Constantino, ay sinimulang isulong ang “Filipino” bilang wikang pambansa. Kaiba ng Pilipino na nakabatay lamang sa Tagalog, ang Filipino, bagaman nagsimula bilang nakabatay sa Tagalog, ay patuloy na umuunlad sa pamamagitan ng yaman ng iba’t ibang wika ng Pilipinas. Habang ang Pilipino ay purista/puro, ang Filipino ay lumalago sa pamamagitan ng paghalaw nito ng bokabularyo mula sa lahat ng lokal na wika sa Pilipinas, kabilang na ang mga inangking salita mula sa Ingles, Espanyol at iba pang banyagang wika (de Leon 2020). Ang Filipino (hindi Pilipino) na itinaguyod nina Constantino ang siyang nakasaad na pambansang wika ng Pilipinas sa Konstitusyong 1987.

Ang paliwanag na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na mula sa iba’t ibang rehiyon na unti-unting tanggapin ang Filipino. Maaaring ipaliwanag sa kanila na ang sarili nilang lokal na wika ay kabilang din sa mga batayan ng Filipino bilang wikang pambansa. Bukod dito, isa pang maaaring solusyon ay pahintulutan ang mga mag-aaral na mag-Taglish, kagaya ng ginagawa ni Gener sa kanyang klase kung saan pinahihintulutan niya ito sa talakayan at maging sa pag-uulat. Dapat lang sigurong maging mas maingat pagdating sa pagpapasulat ng mga terminong papel, reaksiyong papel, at iba pang pasulat na aktibidad, na mahalagang sa Filipino isulat sa halip na Taglish, alang-alang sa pormalidad at intelektuwalisasyon ng Filipino.

Isa pang pwedeng gawin ay hikayatin ang mga mag-aaral na mula sa ibang rehiyon na magpakilala rin ng mga salita’t termino sa klase na mula sa kanilang lokal na wika. Maaari itong maging daan para sa pag-aambag ng mga lokal na wika-at-kultura ng mga bagong konsepto na maaaring ipasok sa Teolohiyang Pilipino. Makatutulong din ito upang mahikayat ang mga mag-aaral na bukod sa pagpapaunlad ng isang pambansang Teolohiyang Pilipino, maisulong din nila ang kani-kanilang lokal na teolohiya. Siguradong matutuwa rin ang mga mag-aaral mula sa iba’t ibang rehiyon kung magsasama sa silabus ng mga batis na ehemplo ng pagteteolohiya sa rehiyunal/lokal na konteksto (hal. Antonio 2023 para sa Teolohiyang Kapampangan; Lanaria 2009 para sa Teolohiyang Cebuano; at Almazan 2024 at Corpuz 2020 para sa Teolohiyang Ilokano).

Sa ganitong perspektibo, hindi kailangang paglabanin ang Filipino at mga lokal na wika. Sa halip na kompetisyon, ipaliwanag sa klase na kooperasyon at sabay na pag-unlad ang dapat na maging relasyon ng Filipino at iba pang wika sa Pilipinas.

Ang sunod na suliraning nailahad ng mga kalahok ay ang kasalatan ng mga materyales-panturo na maaaring magamit ng mga guro. Marami sa mga artikulo, libro, at iba pang teksto na ginagamit sa klase ay nasa Ingles (Javier-Martinez). Limang dekada matapos ang pagsisimula ng Teolohiyang Pilipino, nananatiling kulang ang umiiral na mga teolohikong aklat sa Filipino (Tapia). Dulot ito ng kakulangan mismo natin sa mga manunulat sa teolohiya sa wikang pambansa (Gener). At hindi lamang ang mga libro at artikulo, maging ang mga dokumento ng simbahan ay nananatiling nasa Ingles pa rin (Eballo).

Isang praktikal na lunas dito ay ang pagpapaigting ng gawain ng pagsasalin sa teolohiya. Magandang modelo sa puntong ito ang Tomasinong si Leo Martin Angelo Ocampo na nakapagsalin na sa Filipino ng maraming sulatin ni Papa Francisco (2015; 2016a; 2016b; 2017). Magandang inisyatiba rin ang ginagawa ng *Treasuring Christ PH*, na nakapagsalin na ng maraming akda sa Filipino/Taglish mula sa Amerikanong Ebanghelikal na konteksto (hal. Gilbert 2023, Hansen at Leeman 2021, at Piper 2020, 2023). Napakarami pang dokumento ng simbahan, kapwa ng Vatican at ng hirarkiya ng simbahan sa Pilipinas, na maaaring isalin sa Filipino. Bukod sa mga dokumento ng simbahan, mahalaga ring maisalin sa Filipino ang ilang klasikong aklat ng mga banyagang teologo tulad nina Augustine, Thomas Aquinas, John Calvin, Karl Barth, Karl Rahner, at iba pa. Nabanggit ko na ang rekomendasyong ito sa isang nakaraang publikasyon (Santos 2023a), ngunit magandang ulitin dito na marapat magsama-sama ang mga teologo't nagmemedyor sa teolohiya na may kasanayan sa mga banyagang wika, para sa pagsasagawa ng serye ng mga pagsasalin. Maaari ring makipagtulungan ang mga teologo sa mga ahensya't organisasyon na nakatutok sa pagsasalin tulad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), UP Sentro ng Wikang Filipino (UP-SWF), at Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS).

Panghuli sa temang ito, isang hamon din ang mismong mga polisiya ng mga unibersidad/seminaryo na may pagpaprayoridad sa wikang Ingles. Gaya ng ibinahagi nina Nicolas at Javier-Martinez, Ingles pa rin ang opisyal na wikang nakasaad sa mga kursong itinuturo. Makatuturang sipiin dito ang salaysay ni Villanueva sa suliraning kinaharap niya kaugnay nito:

Nung una akong nagturo sa Ateneo, ang tinuruan ko ay mga First year students. Tinanong ko kung pwede ko bang ituro ang Theology sa kanila sa Filipino. Ang sagot: Hindi pwede dahil hindi pa nila nakukuha o natatapos ang Filipino 1 at 2. Mga Pilipino ang mga estudyante ko, pero hindi ko sila pwedeng turuan sa Filipino! Kaya sa sunod na taon ay lumipat ako sa second year na kung saan pwede nang magturo sa Filipino.

Samakatuwid, kahit sa mga pagkakataong wala namang banyagang estudyante at puro Pilipino lamang, minamandato pa rin sa maraming unibersidad na ituro ang teolohiya sa Ingles. Kumpara sa ilang nabanggit na suliranin, mas mahirap solusyunan ito yamang

sistematiko ito at usaping pang-administratibo. Magkagayunpaman, makatutulong sa pagtugon dito kung magkakaroon sana ng isang pambansang samahan ng mga teologo na nagsusulong ng Teolohiyang Pilipino na nasa wikang Filipino. May mga propesyunal na samahan na ngayon sa teolohiya, pero wala sa mga ito ang malay na nagsusulong ng teolohiya sa wikang pambansa. Malaki ang maitutulong ng ganitong organisasyon. Isang maituturing na dahilan kung bakit maunlad ang pagsasa-Filipino ng kasaysayan at sikolohiya ay sapagkat mayroong mga pambansang samahang nagsusulong ng Filipino sa kanilang larangan: ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) na inilunsad ni Virgilio Enriquez, at ang Bagong Kasaysayan (BAKAS) na itinatag ni Zeus Salazar. Walang ganito ang Teolohiyang Pilipino, at isa ito sa maituturong salik kaya mas mabagal ang usad ng pagsasa-Filipino sa teolohiya. Maging sa pananaw ni Bob Bonifacio (1988), isa rin itong kawalan ng pambansang samahan sa itinuturo niyang dahilan ng kasalatan ng teolohiya sa wikang Filipino. Kaugnay ng nabanggit na problema sa itaas, kung mayroon sanang ganitong samahan, ito ang maaaring manguna sa pangangalampag sa mga unibersidad/seminaryo upang higit na bigyan ng espasyo ang Filipino sa pagtuturo ng teolohiya sa kanilang institusyon.

Reaksyon at Epekto

Sinama ko rin sa sarbey ang tanong kung ano ang reaksiyon ng mga mag-aaral sa pagpapasya ng guro na magturo sa Filipino, at ano ang naging epekto nito sa klase. Kung susumahin ang tugon ng mga kalahok, mas marami ang positibong tugon ng mga mag-aaral kaysa negatibo. Napansin ni Canlas na masaya ang mga estudyante na Filipino ang kanyang ginamit sa pagtuturo. Sa kaso ni Javier-Martinez, na *appreciate* ng mga mag-aaral na binibigyang-halaga niya ang wikang Filipino sa kanilang talakayan sa teolohiya. Higit pa rito, may ilan pa nga raw na mga mag-aaral na nagkukusang magsabi sa kanyang gagawin nila ang kanilang proyekto sa wikang pambansa. Gayunman, mayroon ding ibang estudyanteng nahirapan sa Filipino, lalo na sa antas 'di gradwado. Sa antas gradwado, napansin niyang mas mahusay sa paggamit ng Filipino ang mga estudyante. Para kay Salatan, medyo halu-halo ang tugon ng mga mag-aaral. May mga mag-aaral na mabilis tinanggap ang paggamit ng Filipino sa klase, ngunit may iba rin na nahirapan pero sinubukan namang humabol. Sa pagbabahagi naman ni Villanueva, marami ang estudyanteng natuwa sa paggamit niya ng Filipino, bagaman may mangilan-ngilan din daw na hindi naging masaya sa transisyong ito. Kay Canlas, sa kanyang pagtuturo kapwa sa unibersidad at simbahan, noong una ay tutol daw ang mga mas nakatatanda sa paggamit ng Filipino, pero kalaunan ay nakita naman nila ang bisa nito.

Ukol sa epekto ng kanilang paggamit ng Filipino, nangunguna sa sagot ng mga kalahok ang obserbasyon na mas naging malaya ang pagpapahayag ng mga estudyante sa talakayan. Napansin ni Eballo na komportable ang mga estudyante, at mas madali nilang nasasabi ang mga naiisip at nararamdaman nila. Saad ni Gener, naging *lively* ang pagpapalitan nila ng kuru-kuro, at mas may *confidence* sila na sumagot. Bukod sa malayang

pagpapahayag, nagiging mas interesado raw ang mga mag-aaral sa aralin (Cueto). Kay Javier-Martinez, ang pinakanapansin niya ay ang pagiging mas interaktibo ng mga estudyante, dahil nakakapagpalagayang-loob sila sa pamamagitan ng wikang Filipino.

Sa panig ni Panuncio, ibinahagi niyang mas madaling natututo ang mga mag-aaral sa Filipino. Pareho namang binanggit ni Toledo at Villanueva na mas naunawaan nila ang teolohiya dahil dito. Para kay Nicolas, mas tumimo raw sa kamalayan ng mga mag-aaral ang mga aralin.

Nariyan din ang pagkamalikhain bilang epekto ng paggamit ng Filipino sa klase. Ayon kay Tapia-Raquel, dahil sa pagpapagamit niya ng Filipino sa mga estudyante, nagiging malikhain ang mga aktibidad nila tulad ng pagtula at pagsulat ng mga dialogo. Nakita rin ni Gener ang pagkamalikhain sa *ministry integration outputs* ng kanyang mga mag-aaral nang simulan niyang magturo sa Filipino.

Sa pamamagitan ng paggamit ng Filipino, mas napahahalagahan din ng mga mag-aaral ang kulturang Pilipino. Nakikita ng mga mag-aaral na ang Filipino ay hindi lang midyum ng komunikasyon kundi imbakan ng kultura, kaya naman mas lumilinaw sa kanila ang saysay ng wikang Filipino sa pagteteolohiya (Villanueva). Nagiging posible rin ang pag-uugnay nila ng mga salitang katutubo sa mismong kulturang kinalakihan nila (Canlas). Idinagdag naman ni Javier-Martinez na tumataas ang pagpapahalaga ng mga estudyante sa wikang Filipino bilang bahagi ng kanilang kinagisnang pananampalataya. Isa pa, mas nagiging lapat sa kanilang konteksto ang pag-aaral ng teolohiya (Tapia-Raquel).

Mga Taktikang Pedagogikal

Sa pedagohiya o taktika ng pagtuturo, may isinagot ang ilang kalahok na hindi espesipiko sa Filipino, yamang maaari ring gawin sa Ingles, ngunit makakatulong pa rin sa pagtuturo ng teolohiya. Isang halimbawa nito ang sinagot ni Cueto na "See-Judge-Act," isang metodong pinasimulan ni Joseph Cardinal Cardijn. Ito rin umano ang isa sa mga metodong pangunahing ginagamit sa Adamson University. Tumutukoy ito sa tatlong hakbang na maaaring gawin upang masigurado ang tagumpay ng isang tunguhin: 1. Pagmamasid sa aktuwal na nagaganap, 2. Kritikal na pagninilay at paghusga sa nagaganap, at 3. Aktuwal na pagkilos para sa pagbabago. Paliwanag ni Cueto, ito ay:

Mabisa dahil sumasalamín ito na natural na pagkatao ng mga Pilipino na sabay ginagamit ang pag-iisip at pagdama sa pagkatuto ayon kay de Mesa.

Nag-isa-isa naman si Gener ng mga aktibidad pangmag-aaral tulad ng talakayang panggrupo, pag-uulat, at debate. Nabanggit din niya ang *ministry integration outputs*, na ginagamitan ng *multiple intelligences approach*. Isa naman sa ginagamit ni Panuncio sa klase ay

ang tanyag na Socratic Method, na *student-centered*, dahil hinahayaan ang mga mag-aaral na mag-isip sa pamamagitan ng palalim nang palalim na mga tanong.

Isa naman sa mga metodong ibinahagi ng mga kalahok na espesipiko sa wikang Filipino ay ang paggamit ng Biblia na nasa Filipino mismo (Villanueva). Makatuturan ito upang mabilis na ang maging proseso ng pagkatuto ng mag-aaral, sa halip na padaanin pa sa Ingles ang mga sinisiping berso bago isalin sa Filipino. Inendorso rin ni Villanueva ang paggamit sa mga klasikong panitikang Pilipino na nasa wikang Filipino tulad ng Florante at Laura ni Balagtas. Makatutulong ito upang higit na maging kontekstuwal ang pagteteolohiya. Mapapansing ganito rin naman ang ginagawa ng mga banyagang teologo, madalas na pinapalamutian ang kanilang teksto ng mga sipi mula sa panitikan, salawikain, kuwentong bayan, awit, pelikula, at iba pang rekurso ng kanilang sariling bansa. Sa ganang ito ay mas nagiging *conversant* sa kanilang sariling kultura ang kanilang pagteteolohiya. Ganito rin dapat ang gawin ng mga Pilipinong teologo, sa halip na puro banyaga ang reperensyang gamitin kapwa sa pagsusulat at pagtuturo. Ito ang dahilan kung bakit makabuluhan ang payo ni Villanueva na paggamit ng mga klasikong tekstong Pilipino.

Si Eballo at Nicolas ay parehong nagsagot ng “pagsasalin” ng mga terminong teolohikal sa Filipino bilang taktika. Ukol sa usaping ito ng pagsasalin, nagpaalala si Brazal:

Iwasan ng guro ang literal na pagsasalin mula sa Ingles at ang paggamit ng Taglish. Subalit mahalagang gawing maganda ang karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral sa Filipino para di sila magkaruon ng trauma.

Marahil ay impluwensya ito sa kanya ni de Mesa, na isa sa itinuturing niyang *mentor*. Si de Mesa ang isa sa naging pinaka-aktibo sa dinamikong pagsasalin ng mga teolohikong termino. Ilan sa kanyang mga pinasikat na salin ay ang *daya* para sa *sin* (De Mesa 2006), *ginhawa* para sa *salvation* (De Mesa 2016), at *kagandahang-loob* para sa *grace* (De Mesa 2017). Mahalaga ang ganitong dinamikong pagsasalin para mapagtanto ng mga mag-aaral na hindi lamang tayo nangongopya sa mga Kanluranin, bagkus ay ibinabatay natin sa konteksto ng lipunan-at-kulturang Pilipino ang pag-unawa sa mga konseptong teolohikal.

Sa paggamit ng wikang Filipino, ipinaalala ni Nicolas na mahalagang ang bersyon ng Filipino na gamitin ay yaong madaling maunawaan ng mga mag-aaral. Katulad din ito ng sinabi ni Eballo na mahalagang ilapat ang mga ginagamit na terminolohiya alinsunod sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Mahalagang paalala ito sapagkat hindi naman monolitiko ang Filipino. May iba’t ibang bersyon ito. Kung paanong may mga dayalekto ito batay sa lokasyong heyograpikal kung saan ito sinasalita, may mga sosyolek din ang Filipino -- ibig sabihin, anyo nito batay sa mga uri at grupong panlipunan. Iba ang Filipino ng masa sa Filipino ng gitnang uri at elit. Iba rin ang Filipino ng akademya sa Filipino ng taumbayan. May pagkakaiba-iba rin ang Filipino ng matatanda sa mga bata. Kaya naman, sa pagtuturo, mahalagang ang Filipino na gamitin ay yaong kauna-unawa sa mga mag-aaral, lalo na kung

nagsisimula palang sila sa pagsasanay sa Filipino. Dagdag naman ni Canlas, mahalagang magsimula sa mga bagay na alam na ng mga tao, mas pamilyar sa kanila, at gamitin ang mga ito patungo sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Dito papasok ang halaga ng isang ipinayo ni Villanueva, na maaaring gamitin ang Pinoy Version ng Biblia. Isa itong bagong bersyon ng Biblia na inilunsad ng Philippine Bible Society noong 2018. Taglish ito at inilapit ang wika ng salin sa kasalukuyang *conversational* na Taglish ng mga kabataan. Kaya kung tutuusin ay saktong sakto ito sa mga mag-aaral.

Interesante ritong sipiin nang buo ang detalyadong payo ni Javier-Martinez sa mga guro:

Kahandaan: sa simula ng klase, sa bahagi ng Oriyentasyon, dapat maipaliwanag ng guro kung bakit gagamitin ang wikang Filipino. Sa Loob ng Klase: hikayatin ang lahat na subukang magsalita ng mga mag-aaral. Sa mga mag-aaral na hindi pa sanay, hayaan silang magpahayag kahit may "code-switching" o gumagamit sila ng "mixed language." Ipapaalala lamang na kung kaya nila ay panatilihin ang pormalidad, na hanggat maaari ay buong Filipinong pangungusap, o buong Ingles na pangungusap ang bigkasin. Sakaling hirap sila ay tanggap naman dahil malayang espasyo o "safe space" naman ang klase. Sa Pagpapasa ng mga Pasulat na Gawain: Bigyang ng tapat na papuri kung nararapat ang mga ginawang akda gamit ang wikang Filipino.

Mahalaga ang payo partikular sa paglilinaw sa mga estudyante sa oryentasyon pa lamang kung bakit Filipino ang gagamitin, upang maunawaan na agad ng mga mag-aaral ang saysay ng Filipino, at hindi isiping ilohikal lamang itong ipinapataw sa kanila. Bukod sa mga ito, naibahagi rin niyang ginagamit niya minsan na pagkakataon ang mga okasyon, tulad na lamang halimbawa ng Agosto bilang Buwan ng Wika. Tuwing Agosto raw, puro nasa Filipino ang kanyang mga anunsyo sa *Canvas*, na siyang ginagamit na *online learning platform* ng DLSU. Sa buwan ding ito ay hinihikayat niya ang mga mag-aaral na puro sa Filipino isagawa ang talakayan at mga aktibidad. Dagdag pang paalala ni Javier-Martinez, relasyunal ang paggamit ng Filipino, nakabatay dapat sa kasunduan ng guro at mag-aaral kung gaano kalalim at kalawak ang magiging paggamit ng Filipino. Makabuluhang paalala ito, upang mabawasan ang resistans ng mga estudyante sa paggamit ng Filipino sa teolohiya.

Sa panig naman ni Salatan, inendorso niya ang paggamit sa mga malikhaing pedagohiya, na angkop na angkop lalo na kung lulubog sa komunidad kalaunan ang mga mag-aaral. Ilan sa binanggit niya ay diyalogo, tula, drama at awit. Sakto ito dahil bukod sa wika ng bayan (Filipino) ang dapat gamitin, dapat na mga popular na midyum din ang kasangkapin upang mas madaling makarating sa taumbayan ang mga kaalamang teolohikal.

Pagtatapos

Narito sa ibaba ang talahanayan na nagpapakita ng buod ng isinagawang “bahaginan” ng mga karanasan ng ating 12 kalahok, kalakip ng ilang rekomendasyon mula sa mananaliksik:

TALAHANAYAN 3	
Buod ng Bahaginan ng Karanasan sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo ng Teolohiya	
Mga Dahilan/Halaga ng Paggamit ng Filipino	
1. Mas madaling maunawaan ang mga aralin	
2. Mas komportable ang mga mag-aaral sa pagpapahayag	
3. Epektibo sa higit na pagpapalalim ng aralin	
4. Mas madaling pagpapahayag ng guro	
5. Ineendorso ito ng mga awtoridad tulad ng National Catechetical Directory for the Philippines, Second Plenary Council of the Philippines, at Second Vatican Council	
6. Ambag ng Pilipinas sa pandaigdigang teolohiya ang mga konseptong nagmumula sa wika-at-kulturang Filipino	
7. Dekolonisasyon ng teolohiya	
8. Demokratisasyon ng teolohiya	
9. Inkulturasyon ng teolohiya	
10. Intelektuwalisasyon ng wikang Filipino	
11. Pagsasalin ng mga banyagang terminong teolohikal	
12. Pagtulak sa mga mag-aaral na maging mas malikhain	
13. Pagpapalalim ng pananampalatayang Kristiyano	
Mga Hamon sa Paggamit ng Filipino	
Suliranin	Rekomendasyong Solusyon
1. Presensya ng mga banyagang mag-aaral	Ihiwalay ang mga banyagang mag-aaral sa mga Pilipinong mag-aaral at bumuo ng mga espesyal na kurso para sa kanila
	Bigyan ng mga yunit sa pag-aaral ng wikang Filipino ang mga banyagang mag-aaral
2. Kahirapan na isalin ang mga terminong teolohikal sa Filipino	Bumuo ng komprehensibong diksyunaryong teolohikal sa pamamagitan ng inter-

	unibersidad o inter-seminaryong pagtutulungan, at kooperasyon sa pagitan ng mga teologong Katoliko at Protestante / Ebanghelikal
3. Rehiyunalismo	Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang pagkakaiba sa pagitan ng Pilipino at Filipino
	Pahintulutang mag-Taglish ang mga estudyante
	Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng mga terminong mula sa kanilang lokal na wika bilang ambag sa Teolohiyang Pilipino
4. Kasalatan ng mga materyales- panturo sa wikang Filipino	Paigtingin ang gawain ng pagsasalin
5. Polisiya ng mga unibersidad / seminaryo na nagpaprayoridad sa wikang Ingles	Bumuo ng pambansang samahan sa teolohiya na malay na nagsusulong ng wikang Filipino, na maaaring mangalampag sa mga unibersidad o seminaryo
Reaksyon ng mga Mag-aaral at Resulta ng Paggamit ng Filipino	
1. Naging malaya ang pagpapahayag ng mga estudyante sa talakayan	
2. Mas madaling natuto ang mga mag-aaral	
3. Naging malikhain sa mga awtput	
4. Mas napahalagahan ang kulturang Pilipino at sariling konteksto	
Taktikang Pedagogikal	
'Di espisipiko sa wikang Filipino	1. <i>See-Judge-Act</i>
	2. <i>Ministry integration output gamit ang multiple intelligences approach</i>
	3. Panggrupong talakayan, pag-uulat, at debate
	4. <i>Socratic Method</i>
Espesipiko sa Wikang Filipino	5. Paggamit ng Biblia na nasa wikang Filipino
	6. Paggamit ng mga

	Pilipinong klasikong tekstong pampanitikan
	7. Dinamikong pagsasalin
	8. Paggamit ng bersyon ng Filipino na pinakamalapit sa mga mag-aaral
	9. Ipaliwanag sa oryentasyon pa lamang kung bakit Filipino ang gagamiting wika
	10. Iparamdam sa mga mag-aaral na safe-space ang klase sa pagsubok na mag-Filipino
	11. Gumamit ng popular na midyum

Ninanasang mananaliksik na ang papel na ito na naging repositoryo ng naganap na bahaginan ay mapakinabangan ng mga guro na nais simulan o pagbutihin ang pagtuturo ng teolohiya at araling pangrelihiyon sa wikang Filipino. Ang bahagi ng “dahilan/halaga” ay naglalayong ipakita sa mambabasa kung bakit praktikal, makatwiran, at nararapat ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng teolohiya. Sa bahagi ng “hamon,” inilatag ang mahirap na reyalidad ng paggamit ng Filipino. Ngunit naglatag din ang mananaliksik ng mga praktikal na rekomendasyong maaaring gawin upang maigpawan ang mga hamon na ito. Marami sa mga inilatag na rekomendasyon ay aminadong hindi madali, at nangangailangan ng kolektibong pagkilos ng mga nagmamalasakit sa Teolohiyang Pilipinong nasa wikang Filipino. Hindi rin agarang magagawa ang mga ito, dahil pangmatagalang proyekto ang mga nabanggit. Ang bahagi naman ng “resulta/epekto” ay nilalayong maging konkretong testamento sa benepisyo ng paggamit ng Filipino sa klasrum. At panghuli, ang listahan ng mga “taktikang pedagohikal” ay ninanasang magamit ng mga guro sa kanilang sariling pagtuturo ng teolohiya.

Ang metodo at prosesong inilapat dito ay maaari ring ireplika sa iba pang kilusang Pilipinisasyon tulad ng Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, o sa iba pang larangan kung saan mayroong pagtatangka tungo sa pagsasa-Filipino tulad ng agham pampulitika, pampublikong administrasyon, sosyolohiya, ekonomiks, at iba pa. Sa pamamagitan ng pakikipanayam o pagsasarbey sa kanila, maaari ring mahugot ang kanilang mga karanasan ukol sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng kani-kanilang disiplina. Sa pamamagitan nito ay makagagawa rin ng repositoryo ng mga karanasan at pananaw ukol sa halaga, hamon, at mga taktikang pedagohikal nila sa pagtuturo ng kanilang disiplina gamit ang wikang pambansa.

Kung tutuusin, napakaliit na espasyo lamang sa loob ng pambansang kalagayan ng pagtuturo ng teolohiya sa Filipino ang sinulyapan ng pag-aaral na ito. Para sa pagtasa sa pangkabuuang estado ng pagtuturo ng teolohiya sa Filipino, kinakailangan ang isang malawakang sarbey sa malaking bilang ng sampol na populasyon. Kinakailangan din tungo rito ang isang kwantitatibong pananaliksik. Makatuturan din ang pagkakaroon sa hinaharap ng pananaliksik na magkukumpara sa awtput ng pagkatuto ng mga mag-aaral na bunga ng pagtuturo ng teolohiya sa Ingles, at awtput na bunga ng pagtuturo sa Filipino, nang sa gayon ay mapatunayan ang pagiging pragmatiko ng paggamit ng Filipino.

Magkagayunpaman, bilang isang kwalitatibong pananaliksik na naglalalatag ng aktuwal na karanasan ng ilang piling teologo/guro ng araling pangrelihiyon, sapat na ang kasalukuyang pag-aaral sa pagbubukas ng kahit isang munting siwang man lamang para ating masilip ang hirap at ginhawa ng pagtuturo ng teolohiya sa wikang pambansa.

Talahuli

¹Nagsimula ang artikulong ito bilang isang terminong papel na isinulat para sa huling kahingian sa kursong REV4010 - Catechetics I sa ilalim ni Dr. Auria Arabit, Termino 1 ng Akademikong Taon 2024-2025, para sa programang Certificate in Teaching Religion (CERTREL) ng De La Salle University. Ibinahagi rin ito sa 13th National Conference on Catechesis and Religious Education (NCCRE), na ginanap sa Holy Angel University, Angeles City, Pampanga noong Abril 25-26, 2025.

Sanggunian

- Alejo, A.E. (1990). *Tao po! Tuloy! Isang landas ng pag-unawa sa loob ng tao*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Almazan, J.M. (2024). Naindayawan-a-rambak-ti-gimong: An inculturation of the eucharist in Ilocano. *Religion and Social Communication*, 22(1), 7-33.
- Andrade, M.B. (1986). Pananaliksik tungo sa teolohiyang makapilipino. *Malay*, 5(1), 50-57.
- Antonio, B.A. (2023). Pamagmasabal: A proposed environmental stewardship framework for the Kapampangan (Doctoral dissertation). De La Salle University, Manila.
- Antonio, L.F. (1997). Paano mabisang maituturo ang wika at kulturang Filipino sa mga Hapones? *Daluyan*, 8(1-2), 49-58.
- Balajadia, B.P. (1994). Tungo sa pag-unawa ng teolohiyang mapagpalaya. *Malay*, 12(2), 12-16.
- Bonifacio, B. (1988). Ang pagtuturo ng teolohiya sa wikang Filipino. *Philippine Journal of Linguistics*, 19(2): 95-101.

- Bonoan, R. (1971) "Ang pagbabago sa teolohiya." *Katipunan* 1(2), 45-52.
- Cacho, R.G. (2018). Ang hindi malilimutang pamanang-aral ni Ka José de Mesa. *Hapag*, 15(1-2), 105-113.
- Cacho, R.G., & Padilla, E.P. (2012). Kapag 'ganda' ang pinag-usapan: Isang mungkahing dulog sa pagteteolohiya. *Hapag*, 9(1), 47-76.
- Canooy, A. (2024). Response #1: Dalamhati at luwalhati sa kulturang Filipino at Bible. *Philippine Journal of Religious Studies*, 4, 19-23.
- Corpuz, J.C.G. (2020). Death and food offering: The Ilocano "atang" ritual from a contextual theology. *Recoletos Multidisciplinary Research Journal*, 8(1), 113-126.
- Dagmang, F.D. (1996). Hiya: Daan at kakayahan sa pakikipagkapwa. *MST Review, Introductory Issue*, 66-90.
- Dagmang, F.D. (2017). Midya: Imbakan at daluyan ng mga tradisyon. *MST Review*, 19(2), 40-60.
- Dagmang, F.D. (2018). Mga kuwento at salaysay ng pag-asa: Buháy na mensahe ng mga propeta at makabayang awit. *MST Review*, 20(1), 93-120.
- De Guzman, E., Henson, J.D., Cruz, R.D., & Gonzalez, D.T. (2001). *Mga kataga sa teolohiyang doktrinal*. Quezon City: Dalubhasaang Teolohiko ng Maryhill.
- De Joya, P. (2013). *In search of Filipino philosophy* (Doctoral dissertation). National University of Singapore, Singapore.
- De Leon, J.I.B. (2020). Si Ernesto Constantino at ang wikang Filipino: Intelektuwal na talambuhay ng isang haligi ng lingguwistika at pagpaplanong pangwika sa Pilipinas. *Malay*, 33(1), 1-21.
- De Mesa, J.M. (2004). *Mga aral sa daan: Dulog at paraang kultural sa Kristolohiya*. De La Salle University Press, Inc.
- De Mesa, J.M. (2006). "Pandaya" as sin: A contextual interpretation. *Hapag*, 3(1), 117-167.
- De Mesa, J.M. (2016). The ginhawa which Jesus brings. In J.M. de Mesa, *Jose M. de Mesa: A Theological Reader*. Manila: De La Salle University Publishing House.
- De Mesa, J.M. (2017). Kapag ang 'ganda' ang pag-uusapan: Mungkahi para sa dulog at paraan ng Mabathalang Pag-aaral. In J.M. de Mesa, E.P. Padilla, L.L. Lanaria, R.G. Cacho, Y.D. Cipriano, G.N. Capaque, T.D. Gener. *Ang Maganda sa Teolohiya*. Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc.
- De Vera Cruz, E. (2023, August 16). 47% of Filipinos competent in English language — SWS. *Manila Bulletin*. Retrieved from <https://mb.com.ph/2023/8/16/47-of-filipinos-competent-in-english-language-sws>
- Domingo, N.P. (2017). Panimulang pag-aaral ng wikang Filipino sa UCLA: Kasalukuyang lagay at direksiyon. *Hasaan*, 4(1), 38-60.
- Enriquez, V. Ang pagsasakatutubo ng Teolohiyang Pilipino. *Malay*, 5(1), 58-69.
- Francisco, J.M.C. (1977). "Panitikan at Kristiyanismong Pilipino: Ang nagbabagong larawan ni Kristo." *Philippine Studies*, 25, 186-214.
- Gilbert, G. (2023). *Ano ang gospel?* Trans., J. Hofileña. Baliuag, Bulacan: Treasuring Christ PH.
- Gonzales, A. (1986). Pagninilay: Ano ang Teolohiyang Pilipino? Panimulang pananalita. *Malay*, 5(1), 1-2.



- Hansen, C., & Leeman, J. (2021). *Balik tayo sa church: Bakit essential ang katawan ni Cristo*. Trans., J. Hofileña. Baliuag, Bulacan: Treasuring Christ PH.
- Janapin, M. (2024). Response #2: Malayo pa ang umaga. *Philippine Journal of Religious Studies*, 4, 24-30.
- Lacquian, H. (2024). Banaag na ang umaga: Pagtawid mula sa dalamhati patungong luwalhati ng pagteteolohiyang Filipino. *Philippine Journal of Religious Studies*, 4, 91-105.
- Lanaria, L.L. (2009). Lawas: An anthropo-theological discourse on the body in a Cebuano-Visayan language context. *Philippine Quarterly of Culture & Society*, 37, 55-82.
- Laranjo, R.O. (2021). Sunurang pagtamo ng mga batayang pangungusap ng Filipino bilang ikalawang wika ng mga mag-aaral na Tsino, Hapones, at Koreano: Isang panimulang pag-aaral. *Malay*, 34(1), 65-79.
- Luquin, E. (2016). Ang pagtuturo ng wikang Filipino sa mga Pranses (panayam). *Daluyan*, 22(1-2), 224-232.
- Miranda, D.M., Brazal, A.M., Gonzalez, D.T., & Ronquillo, C.G. (2022). *Mga kataga sa teolohiya ng pagpapakatao*. CICM Maryhill School of Theology, Inc.
- Oue, M. (1997). Ang pagpapahusay sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga estudyanteng Hapones: Mga suliranin at solusyon. *Daluyan*, 8(1-2), 21-33.
- Papa Francisco. (2015). Liham ensiklikal Laudato Si ng banal na Papa Francisco ukol sa pangangalaga sa tahanan nating lahat. Trans., L.M.A. Ocampo. Quezon City: Claretian Publications.
- Papa Francisco. (2016a). *Ang pangalan ng Diyos ay awa*. Trans., L.M.A. Ocampo. Quezon City: Claretian Publications.
- Papa Francisco. (2016b). *Ekshortasyong apostoliko pagka-Sinodo Amoris Laetitia*. Trans., L.M.A. Ocampo. Quezon City: Claretian Publications.
- Papa Francisco. (2017). *Liham Apostoliko Apostoliko Misericordia et Misera*. Trans., L.M.A. Ocampo. Quezon City: Claretian Publications.
- Pilario, D.F.E. (2015). Theology at the rough grounds: Conceptual trajectories of a method. *Hapag*, 12(2) 79-108.
- Piper, J. (2020). *Coronavirus at si Cristo*. Trans., E. Abanto, J. Balor, F.J. Bocobo, R.J. Cortes, N. Gonzales, J. Hofileña, D. Parfan, & D. Ventura. Baliuag, Bulacan: Treasuring Christ PH.
- Piper, J. (2023). *Manghang mangha sa Diyos: Sampung katotohanang babago sa mundo*. Trans., D. Ventura. Baliuag, Bulacan: Treasuring Christ PH.
- Quirolgico-Pottier, M. (1997). Ang pagtuturo ng Filipino sa mga Pranses sa Unibersidad ng Paris (Institut National des Langues et Civilisations Orientales / INALCO). *Daluyan*, 8(1-2), 11-20.
- Reyes, S.R. (1999). Ang hermeneutika ng kultura ng Sambayanang Ugnayan sa Landayan, San Pedro, Laguna, mula sa mito ng Santo Sepulcro. *MST Review*, 3(1), 115-132.
- Reynon, G.I.C. (2020). Isang mapanuring paghahambing sa mga teorya at praxis ng pampananampalatayang inkulturasyon nina Anscar Chupungco at Ed Lapiz. *Malay*, 32(2), 41-53.



- Santos, M.J.P. (2023a). Pantayong Pananaw bilang dulog sa Teolohiyang Pilipino. *Mabini Review*, 12, 109-149.
- Santos, M.J.P. (2023b). Kasaysayang kapantasan ng Teolohiyang Pilipino sa wikang Filipino: Paglalatag ng labingtatlong (13) mungkahing proyekto." *PWU Research Journal*, 10, 1-13.
- Santos, M.J.P. (2023c). Pagsasa-Filipino ng pagtuturo at pananaliksik sa agham panlipunan: Bahaginan ng best practices sa antas ng silid-aralan at departamento/kolehiyo. *Tala*, 6(1): 65-100.
- Tabile, S.R. (2017). Kapani-paniwala at tumatalab na Kristiyanong paglilingkod ayon sa landas ng pagsasanay ng kontekstwal na kamalayan ni Jose de Mesa. *Scientia*, 6(1), 143-165.
- Taylan, D.R. (2017). Pagtuturo ng Filipino sa mga banyaga tungo sa pagpapahalagang pangkultura. *Kawing*, 1(1), 85-93.
- Tesoro, D.R.M., J.A. Jose. (2004). *The rise of Filipino Theology*. Pasay: Paulines Publishing House.
- Timbreza, F.T. (1986). Pagsasakatubo at ang katutubong teolohiya. *Malay*, 5(1), 15-18.
- Vengco, Sabino. (1986). Ang Teolohiyang Pilipino sa kasalukuyan at sa hinaharap. *Malay*, 5(1), 7-14.
- Villanueva, F. (2024). Dalamhati at luwalhati: Kahalagahan ng wika sa theology. *Philippine Journal of Religious Studies*, 4, 1-17.
- Yu, W., Laranjo, R.O. (2020). Ang pagtatag at pag-unlad ng programang Filipino at pananaliksik tungkol sa Pilipinas sa mga unibersidad sa Tsina. *Daluyan*, 26(1-2), 23-38.